OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 3/15/24 Time: 11:45

# KAPASIYAHAN BLG. 2024-53

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN AT LUMAGDA SA ISANG MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT BAHAY AT YAMAN NI SAN MARTIN DE PORRES, INC. NA NAUUKOL SA PAGGAMIT NG 500 METRO KWADRADONG (500 SQM) LUPA NA NAKADATAL SA BUSTOS HEIGHTS NA PAGTATAYUAN NG ACTIVITY CENTER SA LOOB NG DALAWAMPU'T LIMANG (25) TAON."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Phillip Wryner B. Santos**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Bahay at Yaman ni San Martin de Porres Inc.;

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay ukol sa paggamit ng 500 metro kwadradong (500 sqm) lupa na nakadatal sa Bustos Heights, Bonga Mayor, Bustos, Bulacan na pagtatayuan ng *activity center* na kinabibilangan ng feeding center, health clinic, mini library funeral chapel at iba pa sa loob ng dalawampu't limang (25) taon;

**SAPAGKA'T**, sa ginanap na pagpupulong ay napatunayang ang kasunduang ito ay higit na makakatulong mga mamamayang nakapaligid sa itatayong activity center ng Bahay at Yaman ni San Martin de Porres Inc.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. PHILLIP WRYNER B. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyan ng pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin at lumagda sa isang memorandum of agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at Bahay at Yaman ni San Martin

De Porres, Inc. na nauukol sa paggamit ng 500 metro kwadradong (500 sqm) lupa na nakadatal sa Bustos Heights na pagtatayuan ng activity center sa loob ng dalawampu't limang (25) taon.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-11 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Fortunato SJ. Angeles**
ABC President

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-11 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim